

TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT PANGANGASIWA SA TUBIG



Nakapaloob sa pinaplanong Tampakan Copper-Gold Project ng Sagittarius Mines, Inc. (SMI) ang isa sa pinakamalaking hindi pa namiminang deposito ng tanso at ginto sa buong mundo. Ang SMI ay kontratista ng Pamahalaan ng Pilipinas sa bisa ng isang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA).

Bilang isang Pilipinong kumpanya na may paninindigang naaayon sa pinakamataas na mga pamantayan ng sustainable development, natapos na ng SMI ang mga pag-aaral bilang bahagi ng Environmental Impact Assessment (EIA) na isinagawa ng mga local specialists at international experts.

Ang mine Environmental Impact Statement (EIS) ay inihanda alinsunod sa batas ng Pilipinas, at inihahayag nito ang resulta ng mga pag-aaral na bahagi ng EIA. Ang EIS ay kinakailangan sa aplikasyon ng Environmental Compliance Certificate (ECC) para sa Tampakan Mine Project. Maliban sa EIS, isinagawa rin ng SMI ang Environmental and Social Impact Assessment (ESIA) sa tulong ng mga international experts upang maipakita na ang mga pag-aaral tungkol sa mga potensyal na environmental at sosyal na epekto ng minahan ay isinagawa alinsunod sa international standards.

Masusi naming inimestigahan ang mga pamamaraan upang mapagaan ang mga potensyal na epekto ng Tampakan Project. Ginamit namin ang mga impormasyong ito sa pagbuo ng disenyo at planong naaayon sa pamantayan ng aming major shareholder, ang Xstrata, isang global mining group na kilala bilang sector leader sa larangan ng corporate responsibility.

ANG AMING PANGAKO SA RESPONSABLENG PANGANGASIWA SA TUBIG

Nauunawaan ng SMI na ang dekalidad na tubig ay lubos na mahalaga para sa mga lokal na komunidad. Bilang bahagi ng aming pagpapalano para sa Tampakan Mine Project, kami ay namuhunan sa mga pag-aaral upang malaman ang mga potensyal na epekto sa tubig na kasalukuyang ginagamit ng komunidad. Inihanda namin ang mga pamamaraan sa pangangasiwa sa tubig upang matiyak na mapoprotektahan ang kalidad at suplay nito.

Nakabatay ang aming mga estratehiya sa 15 taon ng pag-aaral sa kalidad at suplay ng tubig upang makakalap ng sapat na baseline data o lagay ng tubig bago pa mag-umpisa ang aming operasyon. Nakipag-ugnayan din kami sa mga lokal na residente upang tumulong sa water sampling at monitoring.

Sa kabuuang proseso ng pagpapalano para sa Tampakan Project, kami ay komunsulta sa mga lokal na residente, pati na sa mga kasalukuyang gumagamit ng tubig na nanggagaling sa Tampakan Project area. Komunsulta rin kami sa mga lokal, rehiyunal at nasyunal na pamahalaan. Ang mga feedback buhat sa mga konsultasyong ito ay isinama sa aming mga plano at estratehiya.

ANG AMING MGA PLANO SA PANGANGASIWA SA TUBIG

Sa disenyo ng Tampakan Project, maaaring tumakbo ang minahan na hindi umaasa sa tubig na kasalukuyang ginagamit ng komunidad sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagsunod sa international standards sa pangangasiwa sa tubig at recycling upang mabawasan ang paggamit ng tubig – humigit-kumulang sa 70% ng pangangailangan sa tubig ng Tampakan Project ay maaaring matugunan sa pag-recycle ng tubig
- Sa Taplan catchment, idinisenyo namin ang minahan upang makataktak ang operasyon nang walang makabuluhang epekto sa dami ng tubig na kasalukuyang ginagamit ng lokal na komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng katumbas na dami ng tubig na maaaring maapektuhan ng open-pit
- Sa Mal catchment naman, kami ay magtatayo ng isang freshwater dam na maaaring sumalo sa sobrang tubig sa panahon ng tagulan (na maaaring magdulot ng pagbaha) upang sa panahon ng tag-araw ang minahan ay tatakto nang hindi nakakaapekto sa natural na agos ng ilog
- Pagtatayo ng water treatment facility alinsunod sa international standards upang matiyak na ang anumang tubig na lalabas mula sa minahan ay angkop sa kasalukuyang gamit nito
- Pag-monitor sa surface at groundwater kasama ang komunidad at mga ahensya ng pamahalaan upang mapatunayan ang integridad ng aming mga estratehiya.



PANGANGASIWA SA TUBIG SA PANAHON NG OPERASYON NG MINAHAN

Hindi lahat ng epekto ng minahan ay lubusang maiiwasan, ngunit naniniwala kami na mapapatakbo ang Tampakan Project na walang makabuluhang epekto sa tubig na ginagamit ng mga lokal na komunidad na nakapalibot sa lugar. Tuluy-tuloy naming susubaybayan ang agos ng tubig sa kabuuang yugto ng operasyon at matapos ang pagsara ng minahan.

Naninindigan kaming maaabot ang mga layuning ito sa pamamagitan ng:


- Pagsunod sa mga regulasyon at batas ng Pilipinas kaugnay sa industriya ng pagmimina, gaya ng Clean Water Act
- Pagsunod sa international standards at sa mga patakaran ng Xstrata Copper, ang major shareholder ng SMI.

POTENSIAL NA EPEKTO SA PANAHON NG KONSTRUKSYON

Sa panahon ng konstruksyon, may mga plano kami upang:

- Limitahan ang sedimentation, magtatayo ng sediment collection facilities at magsagawa ng remediation kung ang epekto ay dulot ng konstruksyon
- Tiyakin na ang agos ng tubig ay hindi maaapektuhan ng pagtatayo ng dam sa pamamagitan ng water diversion
- Magsagawa ng tuluy-tuloy na pag-monitor sa surface at groundwater sa paligid ng lugar upang matiyak ang bisa ng aming mga plano.

KINALALAGYAN NG TAMPAKAN COPPER-GOLD PROJECT



MGA KADALASANG KATANUNGAN

Paano masisiguro na hindi maaapektuhan ang tubig sa lugar?

Bumuo kami ng mga estratehiya upang matiyak na mailihis ang malinis na tubig mula sa mga apektadong lugar sa pamamagitan ng drainage system. Magtatayo rin ng imbakan kung saan kokolektahin at lalinisin ang mga apektadong tubig sa pamamagitan ng water treatment.

Tataas ba ng posibilidad ng pagbaha dahil sa Tampakan Project

Ayon sa mga pag-aaral na isinagawa ng mga independent specialists, ang Tampakan Project ay hindi inaasahang maging dahilan ng pagbaha, at maari pa ito makatulong upang maibsan ang pagbaha.

Magkakaroon ba ng tagas mula sa minahan?

Ang anumang tagas ng tubig ay mapapangasiwaan sa pamamagitan ng pagtatayo ng collection at water treatment facilities upang matiyak na ang anumang tubig na lalabas mula sa mine site ay angkop sa kasalukuyang mga gamit.

MGA BENEFISYO NG TAMPAKAN PROJECT

Sa pakikipagtulungan sa aming stakeholders, ang Tampakan Project ay maaaring makapagdulot ng mas magandang kinabukasan para sa southern Mindanao. Kung matutuloy, ang Tampakan Project ay makapaglikha ng mga benepisyo ng makapagpapasigla sa lokal, rehiyunal at pambansang ekonomiya.

Kabilang sa mga benepisyo na maaaring mapunta sa rehiyon ang mga sumusunod:

- Taunang kontribusyon na PhP134 bilyon¹ sa gross domestic product (GDP) ng Pilipinas magmula sa konstruksyon hanggang matapos ang pagmimina – katumbas ng karagdagang 1% sa taunang GDP ng bansa
- Kabuuang kita ng pamahalaan (nasyunal at lokal) mula sa buwis at bayarin na humigit-kumulang PhP307 bilyon² (nominal) sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Royalty at direktang kontribusyon na mahigit sa PhP39 bilyon³ (nominal) para sa mga lokal na katutubong grupo at lokal na komunidad sa kabuuang operasyon ng pagmimina
- Direktang trabaho para sa humigit-kumulang 10,000 manggagawa sa konstruksyon at 2,000 manggagawa sa panahon ng operasyon
- Pagkuha ng serbisyo ng mga lokal na kontratista at kumpanya na syang magbibigay ng karagdagang oportunidad para sa trabaho.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Bago masimulan ang konstruksyon, kailangan ng SMI ang pahintulot mula sa pamahalaan, lokal na komunidad at shareholders nito.

Upang maisakatuparan ang Tampakan Project, kailangan naming patuloy na makipagtulungan sa aming stakeholders. Ipagpapatuloy namin ang bukas na pakikipag-usap at konsultasyon, lalo na sa mga mayroong pagaalala at katanungan tungkol sa aming pinapanlong pagmimina.

Ang mga komento ay isasaalang-alang sa paggawa ng plano upang matiyak na ang Tampakan Project ay maaaring maging modelo ng responsableng operasyon ng malakihan at modernong pagmimina sa Pilipinas, kasama ang pagpapatupad ng international standards sa resettlement, konsultasyon sa mga katutubo, at EIA.



External Relations Unit
Sagittarius Mines, Inc. (SMI)
02 8563021 (Makati)
083 5548414 (General Santos)
Email: externalrelations@smi.com.ph | www.smi.com.ph

¹USD2.8 bilyon. ²USD6.4 bilyon. ³USD830 milyon. ⁴USD52 milyon. ⁵USD2.8 milyon. (Base sa exchange rate na USD1 = PhP48). Disclaimer: Ang laman nito ng dokumento ay wasto base sa pagkakaalam ng SMI, sa oras ng paglimbag nito (May 2011).